ESTADO NG NEVADA
KAGAWARAN NG EMPLEO, PAGSASANAY AT REHABILITASYON
SANGAY NG SEGURIDAD SA EMPLEO
MGA PANSUPORTANG SERBISYO SA INOBASYON NG MGA MANGGAGAWA

IMPORMASYON UPANG MAKATULONG NA MAITAYONG MULI ANG IYONG KINABUKASAN MATAPOS ANG ISANG LAYOFF

EmployNV
An AmericanJobCenter of Nevada

DETR
Nevada Department of Employment, Training and Rehabilitation

Isang Employer / Programang nagbibigay ng Patas na Oportunidad
Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo kung hihilingin ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Relay 711 o (800) 326-6868

KAGAWARAN NG EMPLEO, PAGSASANAY AT REHABILITASYON

SANGAY NG SEGURIDAD SA EMPLEO

MGA PANSUPORTANG SERBISYO SA INOBASYON NG MGA MANGGAGAWA

SERVICES 500 EAST THIRD STREET
CARSON CITY, NEVADA 89713

Ang Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon (Department of Employment, Training & Rehabilitation, DETR) ay ang pangunahing ahensya ng estado sa pagpapaunlad ng mga manggagawa. Binubuo ito ng mga sangay na nag-aalok ng mga serbisyong nauugnay sa mga manggagawa, pagkakalagay sa trabaho at pagsasanay, mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan, pagsisiyasat sa mga alegasyon ng diskriminasyon, mga benepisyo ng insurance sa pagkawala ng trabaho, datos ukol sa labor market at higit pa. Marami sa mga serbisyong ito ang inihahatid sa pamamagitan ng mga Career at Business Hub ng EmployNV at sa pakikipagtulungan ng mga partner nito sa komunidad.

ANG AMING BISYON

Ang maging **Unang Opsyon ng Nevada** sa pagkonekta sa mga negosyo at naghahanap ng trabaho.

ANG PAHAYAG NG AMING MISYON

Ang misyon ng DETR ay ang magbigay sa mga negosyo sa Nevada ng access sa mga kwalipikadong manggagawa at palakasin ang mga oportunidad sa patas na empleo.

Ang Sangay ng Seguridad sa Empleo (Employment Security Division, ESD) ay isang kumbinasyon ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho, Pagpapaunlad sa mga Manggagawa, at ng Komisyon sa Postsecondary na Edukasyon.

Ang unit ng **Mga Pansuportang Serbisyo sa Inobasyon ng mga Manggagawa (Workforce Innovation Support Services, WISS)** ay para tulungan at suportahan ang Kagawaran at ang Estado sa pagiging unang opsyon ng sistema ng mga manggagawa para sa lahat ng negosyo at naghahanap ng trabaho sa Nevada. Para sa listahan ng Mga Programa/Serbisyo ng WISS, mangyaring sumangguni sa WISS TA Guide - 2024.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

ANG BISYON/PAHAYAG NG MISYON NG DETR ____ **2**

ANO ANG RAPID RESPONSE? ____ **4**

IMPORMASYON SA INSURANCE SA PAGKAWALA NG TRABAHO (UI) ____ **5**

MGA SERBISYO SA MULING PAGTATRABAHO ____ **7**

MGA HUB AT ONE STOP NA LOKASYON NG EMPLOYNV ____ **9**

PROGRAMA SA PAGPAPAHUSAY NG KARERA (CEP) ____ **11**

PROGRAMA NG ESTADO NG NEVADA PARA SA MGA DISPLACED NA HOMEMAKER ____ **12**

MGA PROGRAMA NG BATAS HINGGIL SA TULONG SA PAGBABAGO NG TRABAHO (TAA) ____ **13**

BATAS HINGGIL SA INOBASYON AT OPORTUNIDAD PARA SA MGA MANGGAGAWA ____ **14**

PAGPROTEKTA SA MGA BENEPISYO NG PENSYON AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN ____ **15**

AMYENDA NI STEVENS:

Ang programang Mabilisang Pagtugon (Rapid Response) na pinapatakbo ng Sangay ng Seguridad sa Empleo (ESD) ng Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon (DETR) ng Estado ng Nevada ay sinusuportahan ng Administrasyon ng Empleo at Pagsasanay (Employment and Training Administration, ETA) ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor, DOL) ng Estados Unidos (U.S.) bilang bahagi ng award ng pinansyal na tulong (Tingnan ang Amyenda ni Stevens - Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon ng Nevada (nv.gov) para sa pangkasalukuyang impormasyon tungkol sa award) kung saan ang 100 porsiyento ay pinopondohan ng DOL-ETA. Ang mga nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at posibleng hindi kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, at hindi ito isang pag-endorso, ng DOL-ETA, o ng Pamahalaan ng U.S. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website ng ETA: dol.gov/agencies/eta/layoffs.

ANO ANG RAPID RESPONSE?

Ang Mabilisang Pagtugon (Rapid Response) ay isang team ng mga propesyonal mula sa mga pampubliko at pribadong sektor na ang espesyalidad ay ang pagtulong sa mga indibidwal na maaaring kumakaharap sa posibilidad ng pagkawala ng trabaho. Dinadala ka ng team na ito sa iba't ibang serbisyong makakatulong na hindi masyadong maging nakaka-stress ang transisyon mo sa susunod mong oportunidad. Halimbawa, posibleng kwalipikado ka sa mga workshop sa paghahanap ng trabaho at pagbuo ng resume, pagpapayo ukol sa karera, o matuto tungkol sa mga programang apprenticeship ng unyon na makapagpapahusay sa iyong kakayahang mabilis na makabalik sa trabaho. Ang team ng Mabilisang Pagtugon ay nagbibigay rin ng pinansyal na impormasyon at mga resource upang matulungan ka sa iyong transisyon. Ang booklet na ito ng impormasyon sa Mabilisang Pagtugon ay makapagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga paksang ito at iba pa gaya ng mga Career Hub center ng EmployNV at Insurance sa Pagkawala ng Trabaho para sa iyong reference.

Ang mahalaga ay na inihahatid ang mga serbisyong ito nang ***libre para sa iyo***, kaya mangyaring maglaan ng panahon para tingnan ang mga nilalaman ng paketeng ito at mag-follow up sa pamamagitan ng pagtawag sa mga ahensyang sa palagay mo ay pinakamakatutugon sa iyong mga pangangailangan.

INSURANCE SA PAGKAWALA NG TRABAHO (UI)

1. **Kailan dapat ako mag-file para sa mga benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho?**
   Magkakaroon ng bisa ang iyong claim sa Linggo ng mismong linggo kung kailan ka nag-file. Dapat kang mag-file sa sandaling mawalan ka ng trabaho. Gayunpaman, kung makakatanggap ka ng sahod, bakasyon, severance, o iba pang bayad sa linggong mag-claim ka, posibleng bawasan ang iyong mga benepisyo sa linggong iyon. Dapat mong iulat ang iyong mga kita sa linggong ginawa mo ang trabaho at hindi kung kailan ka nabayaran.
2. **Paano ako makakapag-file para sa mga benepisyo sa Nevada?**
   Ang mga claim para sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho (Unemployment Insurance, UI) ay fina-file sa pamamagitan ng telepono o sa internet. Kabilang dito ang pag-file ng bagong claim, mulang pagbubukas ng dati nang claim, pag-file ng mga lingguhang claim, at pagtatanong tungkol sa katayuan ng iyong claim o mga pagbabayad.
   - Northern Nevada: **(775) 684-0350**
   - Southern Nevada: **(702) 486-0350**
   - Mga Rural na Lugar at Mga Tumatawag nang Wala sa Estado: **(888) 890-8211**
   - Para mag-file sa pamamagitan ng Internet: **ui.nv.gov**
   - Teknikal na Tulong Lang sa online sa pag-file ng claim sa UI: **(775) 684-0427**, o
   - e-mail: **InternetHelp@detr.nv.gov**
   - Tulong sa Login o PIN: **Northern Nevada (775) 684-6838**
     Southern Nevada (702) 486-3293
3. **Ano ang mga pangunahing kinakailangan para sa isang Nevada claim?**
   Pagkawala ng trabaho nang hindi mo kasalanan; kumita ng sapat na sahod sa loob ng dalawa o higit pang quarter ng batayang yugto; pag-file ng iyong claim; may kakayahang makapagtrabaho; pagiging available at naghahanap ng full-time na trabaho. Kapag nagfa-file ng bagong claim, magiging nakabatay ang mga benepisyo sa kinita sa unang apat sa huling limang nakumpletong quarter. Kung hindi mo natutugunan ang mga kinakailangan sa sahod sa pagtatakda ng standard na batayang yugto, posibleng kwalipikado ka para sa isang claim sa alternatibong batayang yugto, na siyang huling apat na kumpletong quarter.
4. **Magkano ang matatanggap ko kung kwalipikado ako?**
   Kapag nagfa-file ng bagong claim, magiging nakabatay ang mga benepisyo sa kinita sa unang apat sa huling limang nakumpletong quarter. Iba-iba ang maximum na halaga ng lingguhang benepisyo sa pagkawala ng trabaho kada indibidwal na kaso. Makakatanggap ka ng monetaryang desisyon kung saan nakasaad ang iyong potensyal na entitlement kapag naitakda na ang isang claim. Unang hakbang pa lang ito sa pagtukoy kung makakatanggap ka ng benepisyo. Hindi ibig sabihin nito na awtomatiko nang darating ang (mga) bayad sa iyo.
5. **Paano kung kakasimula ko lang na magtrabaho sa Nevada?**
   Posibleng kwalipikado ka para sa mga benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho mula sa ibang estado. Tutulungan ka naming mag-file ng "Claim sa Pagitan ng mga Estado (Interstate Claim)", o ng "Pinagsamang Sahod na Claim (Combined Wage Claim)". Kakailanganin mo ang mga pangalan at address ng bawat negosyo, sa loob at labas ng estado, sa nakaraang dalawang taon.
6. **Kailan ko maaasahan ang unang bayad sa akin?**
   Makakatanggap ka ng debit card sa loob ng 7 hanggang 10 araw ng negosyo matapos mong i-file ang iyong claim. Kapag napagpasiyahan nang kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo, magsasagawa ng mga pagbabayad sa iyong debit card kada linggo.

INSURANCE NG NEVADA SA PAGKAWALA NG TRABAHO

Website: [UInv - Sistema ng Nevada sa Pagfa-file ng Claim sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho]

PAANO MAGHAHANDA PARA SA PAGFA-FILE NG CLAIM SA INTERNET

Dapat mong i-file ang iyong unang lingguhang claim mula Linggo hanggang Sabado pagkatapos ng linggong binuksan mo ang iyong claim at patuloy na mag-file sa ganitong paraan kada linggo upang makatanggap ng bayad.

Makakatulong na ihanda ang sumusunod na impormasyon bago mo simulan ang proseso ng pagfa-file ng Claim sa Internet:

1. Numero ng Social Security.
2. Listahan ng lahat ng negosyong pinagtrabahuhan mo sa nakalipas na 18 buwan. Kung may pangkorporasyong pangalan ang alinman sa mga negosyong ito - tiyaking gamitin ang pangkorporasyong pangalang ito.
3. Kakailanganin mo ng impormasyon sa nakaraan mong dalawang employer, address ng kanilang negosyo na may kasamang mga zip code, mga numero ng telepono at ang una at huling petsa na nagtrabaho ka para sa bawat isa.
4. Personal Identification Number (PIN) kung muling magbubukas ng dati nang claim.

Kakailanganin mo ang sumusunod na karagdagang impormasyon –

- ***Kung hindi ka mamamayan ng Estados Unidos:***
  - Mayroon ka DAPAT alien registration number.
- ***Kung na-discharge ka sa military sa nakalipas na 18 buwan:***
  - Mayroon ka DAPAT kopya ng iyong DD FORM 214 MEMBER-4.
- ***Kung nagtrabaho ka para sa Pederal na Gobyerno sa nakalipas na 18 buwan:***
  - Mayroon ka DAPAT kopya ng iyong SF-8.

Kapag nakumpleto mo na ang iyong claim:

- **DAPAT KANG MAKATANGGAP NG NUMERO NG KUMPIRMASYON!**
  - Tandaan: Kapag hindi ka nakatanggap ng numero ng kumpirmasyon, ibig sabihin ay hindi tatanggapin ang claim mo.
- **KUNG <u>HINDI</u> KA NAKATANGGAP NG NUMERO NG KUMPIRMASYON:**
  - Dapat kang maghintay nang 24 na oras bago subukang itakdang muli ang iyong claim gamit ang Internet; o kaya,
  - Puwede mong tawagan ang Telephone Claim Center upang i-file ang iyong claim.

MGA SERBISYO SA CAREER HUB NG EMPLOYNV

Nakikipagtulungan ang EmployNV Career Hub sa mga pampubliko at pribadong service provider na posibleng makatulong sa mga manggagawa na naapektuhan ng layoff o pagsasara ng planta.

Nakatuon ang DETR sa paghahatid ng iba't ibang serbisyo sa palitan ng paggawa na nauugnay sa empleo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, tulong sa paghahanap ng trabaho, referral sa trabaho, at tulong sa pagkakalagay sa trabaho para sa mga naghahanap ng trabaho. Ang mga serbisyong inihahatid ay puwedeng personal o virtual. Depende sa mga pangangailangan ng naghahanap ng trabaho, posibleng available ang iba pang serbisyong gaya ng pagtatasa sa mga antas ng skill, abilidad at kakayahan, gabay ukol sa karera, mga workshop at referral sa pagsasanay. Ang mga indibidwal na siyang mga Beterano ay makakatanggap ng priyoridad ng serbisyo sa lahat ng EmployNV Hub.

Kabilang sa mga serbisyong iniaalok sa mga negosyo ang mga referral ng mga kwalipikadong naghahanap ng trabaho sa mga available na opening sa trabaho, pagtutugma ng mga naghahanap ng trabaho sa mga kinakailangan sa trabaho, pagtulong sa mga negosyo kaugnay ng mga pangangailangan sa pagre-recruit gaya ng pag-oorganisa ng mga Job Fair at/o Hiring Event, pagtulong sa pag-restructure ng trabaho at pagtulong sa mga negosyong pamahalaan ang mga layoff.

Available ang mga serbisyo para sa mga naghahanap ng trabaho sa maraming EmployNV Career Hub na may istratehikong lokasyon at dalawang (2) komprehensibong One Stop na lokasyon. Ang mga tanggapang ito ay isang resource sa trabaho na walang bayad at kumpleto ang serbisyo.
Ang mga Career Hub ng EmployNV ay nagbibigay ng espesyalisadong atensyon at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan, migrante at seasonal na trabahador sa farm, dating nakulong, kabataan, minoridad, at mas matatandang manggagawa.

Nasa ibaba ang isang maikling balangkas ng mga serbisyo na available sa lahat ng Hub at One Stop na lokasyon ng EmployNV:

Mga Resource Center: Ang bawat Career Hub at One Stop na lokasyon ng EmployNV ay may Resource Center na may mga computer, telepono, copier, fax, at printer. Ang mga naghahanap ng trabaho ay may access sa mga web site sa paghahanap ng trabaho, template para sa resume at proficiency test.

Mga Serbisyo sa Empleo para sa mga Beterano: Ang mga Beterano ay nakakatanggap ng priyoridad ng serbisyo para sa pagsasanay, pagpapayo sa muling pagtatrabaho at mga referral sa trabaho sa lahat ng Career Hub at One Stop Hub ng EmployNV. May mahuhusay na sinanay na Kinatawan ng mga Beterano sa lahat ng Career Hub ng EmployNV. Ang mga kinatawang ito ay mga Beterano rin mismo. Nakatanggap sila ng espesyalisadong pagsasanay ng Kagawaran ng Paggawa sa Tulong sa Empleo na partikular sa mga Beterano:

Mga Serbisyo para sa mga Beterano - Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon ng Nevada (nv.gov)

MGA SERBISYO SA MULING PAGTATRABAHO

Mga Available na Workshop: Ang paghahanap ng trabaho, pagsusulat ng resume, at mga workshop para sa interview ay iniaalok para matulungan ang mga naghahanap ng trabaho na maidirekta ang mga effort nila sa pabago-bagong teknolohikal na mundong ito.

Pagsusulit at Gabay sa Bokasyon: Ang mga serbisyo sa pagsusulit at gabay sa bokasyon ay inihahatid upang matulungan ang mga naghahanap ng trabaho na humaharap sa pagpili ng bokasyon o pagpapalit ng larangan ng karera. Ang bawat Career Hub at One Stop Hub ng EmployNV ay nag-aalok ng skills assessment testing sa maraming larangan kabilang sa mga produkto ng Microsoft Office.

Mga Serbisyong Tumutupad sa Batas hinggil sa mga Amerikanong may Kapansanan (American with Disabilities Act, ADA): Naghahatid ng mga espesyal na serbisyo para sa American with Disabilities Act.

Impormasyon sa Labor Market: Ang Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon (DETR) ang naghahatid ng karamihan sa impormasyon ukol sa labor market sa estado. Ang mga naghahanap ng trabaho at ang mga negosyo ay maaaring makakuha ng overview ng ekonomiya, impormasyon tungkol sa mga industriya, trabaho, at sweldo. Available ang impormasyong ito sa website ng Nevada Workforce Informer: https://nevadaworkforce.com/

Mga Programa ng Batas hinggil sa Tulong sa Pagbabago ng Trabaho (TAA): Kung permanenteng nawala sa iyo ang iyong trabaho dahil sa mga foreign import o pagbabago sa produksyon patungo sa ibang bansa, posibleng kwalipikado ka para sa pagsasanay at/o karagdagang benepisyo sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa (775) 684-0362. Ang mga serbisyong ito ay nakadepende sa available na pagpopondo mula sa Kagawaran ng Paggawa.

Credit sa Buwis para sa Oportunidad sa Trabaho (Work Opportunity Tax Credit, WOTC): Ay isang programa para sa credit sa pederal na buwis na available sa mga negosyong nagha-hire at nagpapanatili ng mga indibidwal sa loob ng partikular na bilang ng oras, mula sa iba't ibang target na grupong nahihirapang makabalik sa trabaho. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa WOTCNV@detr.nv.gov

EMPLOYNV PARA SA MGA NAGHAHANAP NG TRABAHO AT MGA NEGOSYO

Website: EmployNV

Mga Naghahanap ng Trabaho: Sa paghahanap ng trabaho, hindi mo kinakailangang mag-register bilang isang user sa EmployNV, gayunpaman, inirerekomenda ito para ma-post mo ang iyong resume para makita ng mga negosyo. May opsyon na maghanap ng trabaho sa maraming lokasyon nang sabay-sabay at i-save ang mga

pamantayan sa paghahanap. Maaari kang mag-set up ng mga alerto na magpapadala ng mga email sa tuwing may mga bagong trabahong mapo-post na nakakatugon sa mga pamantayan mo sa paghahanap.

Mga Negosyo: Kapag naaprubahan na ang inyong pagpaparehistro, maaari nang mag-post ng mga available na posisyon at pamahalaan ang mga ito sa inyong oras. Kabilang sa database ng mga resume ang impormasyon tungkol sa naghahanap ng trabaho sa loob at labas ng estado, maaaring maghanap ng mga kwalipikadong kandidato rito. Maaaring i-save ang mga pamantayan sa paghahanap ng resume. Kapag nag-set up ka ng mga alerto, magpapadala ito ng notipikasyon tungkol sa mga bagong resume na nakakatugon sa mga pamantayan ng negosyo.

MGA BUSINESS/CAREER HUB NG EMPLOYNV

NORTHERN NEVADA

EmployNV Career Hub- Reno *Komprehensibong OneStop Center*	4001 S. Virginia St., Ste. H	(775) 284-9600
EmployNV Business Hub	4001 S. Virginia St., Ste.11	(775) 284-9660
EmployNV Business/Career Hub- Carson City	1929 N. Carson St.	(775) 684-0400
EmployNV Career Hub- Sparks	2281 Pyramid Way	(775) 284-9520

SOUTHERN NEVADA

EmployNV Career Hub- Henderson	4500 E. Sunset Rd #40	(702) 486-0300
EmployNV Career Hub- Las Vegas	3405 S. Maryland Pkwy.	(702) 486-0100
EmployNV Career Hub- North Las Vegas	2827 Las Vegas Blvd. North	(702) 486-0200
EmployNV Career Hub- Las Vegas *Komprehensibong OneStop Center*	6330 W. Charleston Blvd., Ste. 190	(702) 822-4200

RURAL NA NEVADA

EmployNV Business/Career Hub- Elko	172 Sixth St.	(775) 753-1900
EmployNV Business/Career Hub- Ely	1500 Avenue F, Ste. 1	(775) 289-1616
EmployNV Business/Career Hub- Fallon	121 Industrial Blvd.	(775) 423-5115
EmployNV Business/Carrer Hub- Fernley	1320 W Newlands Dr.	(775) 439-3077
EmployNV Business/Career Hub- Winnemucca	475 W. Haskell, Ste. 1	(775) 623-6520

PROGRAMA SA PAGPAPAHUSAY NG KARERA (CEP)

Ang Programa sa Pagpapahusay ng Karera (CEP) ay tumutulong sa mga walang trabahong residente ng Nevada na makabalik sa workforce sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataong magkaroon ng mga kinakailangang skill upang matugunan ang mga demand ng nagbabagong labor market sa kasalukuyan. Ang mga kalahok sa CEP ay inaalok ng mga serbisyo nang ***WALANG BAYAD***.

Iba't ibang serbisyo para sa workforce ang available sa mga kwalipikadong kalahok kabilang ang paghahanap ng trabaho, mga workshops sa paghahanap ng trabaho, pagpapaunlad sa trabaho, referral sa trabaho, pagpapayo at gabay sa bokasyon, at mga pagsusulit sa kakayahan at/o proficiency.

EmployNV	https://www.employnv.gov
Career OneStop	https://www.careeronestop.org
My Next Move	https://www.mynextmove.org
Nevada CIS 360	https://portal.nvcis.intocareers.org/Adult
O*Net Occupational Information	https://www.onetonline.org/
Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa ng U.S.	https://www.bls.gov/audience/jobseekers.htm

*******Ang priyoridad ng serbisyo ay ibinibigay sa mga beterano, senior, indibidwal na tumatanggap ng tulong pampubliko, indibidwal na mababa ang kita at indibidwal na walang basic skills. *******

MGA KARAGDAGANG SERBISYONG PANTRABAHO

- Mga workshop sa paghahanap ng trabaho at intensibong pagpapayo ukol sa paghahanap ng trabaho
- Pagsusulit sa kakayahan at skills proficiency upang matukoy ang mga skill, abilidad, at interes
- Gabay at pagpapayo ukol sa bokasyon
- Pagpapahusay ng pangunahing edukasyon
- Career Information System ng Nevada Home | Nevada Enterprise (intocareers.org)
- Impormasyon tungkol sa Labor Market EmployNV
- Job Bank ng Nevada EmployNV
- Mga serbisyo para sa mas matatandang manggagawa Mga senior (nv.gov)

PROGRAMA NG ESTADO NG NEVADA PARA SA MGA DISPLACED NA HOMEMAKER

Sa lipunan ngayon, karaniwan pa rin para sa isang miyembro ng pamilya na panatilihin ang tahanan habang ang isa pang miyembro ng pamilya ang siyang pangunahing kumikita. Posibleng biglang mawala ang pinansyal na suporta sa pamilya sa pamamagitan ng diborsyo, pagkamatay, pagkawala ng trabaho o iba pang sitwasyon. Ang miyembro ng pamilya na nagpanatili sa tahanan ay nagiging isang "displaced na homemaker". Sa pagkakataong iyon, ang isang maliwanag ngunit hindi ganoon kadaling opsyon ay ang makuha niya ang kinakailangang tulong upang makahanap ng trabaho kung saan masusustentuhan ng taong iyon ang sarili niya. Makakatulong ang programa para sa Displaced na Homemaker ng Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon ng Nevada.
Programa para sa mga Displaced na Homemaker - Kagawaran ng Empleo, Pagsasanay at Rehabilitasyon ng Nevada (nv.gov)

Ang mga sumusunod na programa ay naghahatid ng mga serbisyo sa Displaced na Homemaker.

Lugar ng Reno:	Truckee Meadows Community College TMCC Re-Entry Center 7000 Dandini Blvd., RDMT 114 Reno, NV 89512 775-673-7170
Lugar ng Western Nevada:	Community Chest Inc. 991 South C Street Virginia City, NV 89440 775-720-0007
Lugar ng Southern Nevada:	HELP of Southern Nevada 1640 E. Flamingo Rd., Suite 100 Las Vegas, NV 89119 702-369-4357

PROGRAMA NG TULONG SA PAGBABAGO NG TRABAHO (TAA)

Ang Programa ng Tulong sa Pagbabago ng Trabaho (TAA) ay isang pederal na programang itinatag sa ilalim ng Batas hinggil sa Muling Pag-aawtorisa sa Tulong sa Pagbabago ng Trabaho ng 2021 na nagbibigay ng tulong sa mga manggagawang nawalan ng kanilang trabaho o nabawasan ang oras ng trabaho at sahod dahil sa dumaraming import. Ang Programang TAA ay nag-aalok ng iba't ibang benepisyo at serbisyo para sa muling pagtatrabaho upang matulungan ang mga manggagawang walang trabaho na makapaghanda at makakuha ng akmang trabaho. Posibleng kwalipikado ang mga manggagawa para sa pagsasanay, allowance sa paghahanap ng trabaho at relokasyon, suporta sa kita, at iba pang serbisyo sa muling pagtatrabaho.

Sino ang Puwedeng Mabigyan ng Sertipikasyon sa Batas sa Trade?
Mga indibidwal na naapektuhan ang trabaho ng foreign trade sa kondisyong:

- Malaking bilang o bahagi ng mga manggagawa sa kumpanya ang ganap o bahagyang tinanggal.
- Lubos dapat na bumaba ang benta o produksyon sa kumpanya o kaya ay nagkaroon ng pagbabago sa produksyon ng kumpanya patungo sa ibang bansa.

Available ang mga Serbisyo sa Batas sa Trade (TAA) sa pamamagitan ng mga Career Hub ng EmployNV. Batay sa indibidwal na pagiging kwalipikado, posibleng kwalipikado ang mga miyembro ng isang grupo ng manggagawa na sertipikado sa TAA na makatanggap ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo:

Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho:

- Pagpaparehistro para sa trabaho
- Pagpapayo ukol sa trabaho
- Job development
- Mga pansuportang serbisyo
- Mga serbisyo sa self-directed na paghahanap ng trabaho
- Pagsasanay sa klase
- On-the-job na pagsasanay
- Basic o remedial na edukasyon (kabilang ang pagsasanay sa literasiya at English bilang Ikalawang Wika)

Kabilang sa Iba pang Serbisyo ang:

- Mga allowance sa paghahanap ng trabaho (para sa mga gastos sa paghahanap ng trabaho sa labas ng lokal na lugar sa pagko-commute).
- Mga allowance sa relokasyon (para sa mga gastos sa relokasyon sa labas ng lokal na lugar sa pagko-commute).
- Mga allowance para sa transportasyon at subsistence (para sa mga gastos sa pagdalo sa pagsasanay sa labas ng lokal na lugar sa pagko-commute).

BATAS HINGGIL SA INOBASYON AT OPORTUNIDAD PARA SA MGA MANGGAGAWA (WIOA) MGA SERBISYO PARA SA DISLOCATED NA MANGGAGAWA, ADULTO, AT KABATAAN

Ang layunin ng Batas hinggil sa Inobasyon at Oportunidad para sa mga Manggagawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA) ay ang pahusayin ang sistema ng pampublikong workforce sa pamamagitan ng edukasyon at ekonomikong pagpapaunlad. Tumutulong ang WIOA sa mga naghahanap ng trabaho, kabilang ang mga kabataan at iyong may matitinding hadlang sa pagtatrabaho, na magkaroon ng access sa edukasyon, empleo at pagsasanay, at mga serbisyo ng suporta para magtagumpay sa labor market at para maikonekta ang mga negosyo sa mga skilled na manggagawang kailangan nila upang makipagkumpitensya sa pandaigdigang ekonomiya. Ang WIOA Title I ay isang programang tumutulong sa mga indibidwal na makahanap ng mga trabaho at pahusayin ang kanilang mga skill sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng mga serbisyong iniaalok sa mga Komprehensibong OneStop Center. Mga serbisyong gaya ng:

- Pagtatasa sa mga skill
- Tulong sa paghahanap ng trabaho
- Impormasyon tungkol sa Labor Market
- Mga referral sa mga pansuportang serbisyo
- Indibidwal na Plano sa Empleo (Individual Employment Plan, IEP)
- Pagpapayo ukol sa Karera
- Mga kurso ng prevocational na skills
- Mga workshop
- Pagsasanay sa klase, customized na pagsasanay, at on-the-job na pagsasanay
- Pag-upgrade ng skills
- Pagsasanay sa pagiging handa sa trabaho
- Mga programa sa Pang-adultong Edukasyon at Literasiyang ukol sa Pamilya (Adult Education and Family Literacy, AEFLA)

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa empleo at/o pagsasanay, sumangguni sa mga Lokal na Lupon sa Inobasyon ng Workforce (Local Workforce Innovation Board) sa ibaba.

SOUTHERN NEVADA:

Workforce Connections
6330 W. Charleston Blvd. #150
Las Vegas, NV 89128
(702) 638-8750
https://nvworkforceconnections.org/

NORTHERN NEVADA:

Nevadaworks
639 Isbell Road, Suite 420
Reno, NV 89509
(775) 337-8600
https://nevadaworks.com/

PAGPROTEKTA SA MGA BENEPISYO SA PENSYON AT KALUSUGAN

***Consolidated Omnibus Budget Reconciliation Act (COBRA)* – Pag-extend sa Iyong Pangangalagang Pangkalusugan**

Posibleng kwalipikado kang bumili ng extended na saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng *COBRA* kung nagwakas ang trabaho mo sa anumang dahilan maliban sa malubhang maling pag-asal, o kung binawasan ang oras mo. Para maging kwalipikado, dapat ay may 20 o higit pang empleyado ang negosyo mo, kalahok ka dapat sa panggrupong planong pangkalusugan ng iyong negosyo, at dapat ay patuloy na magpanatili ang negosyo ng plano sa benepisyong pangkalusugan.

Kapag nagwakas ang iyong trabaho, dapat kang bigyan ng iyong plano ng nakasulat na abiso kung saan ipinapaliwanag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng *COBRA*. Mayroon kang 60 araw pagkatapos ng petsa kung kailan ibinigay ang abiso o pagkatapos ng petsa kung kailan nagwakas ang saklaw o kung alinman ang mas huli upang makapili ng saklaw sa *COBRA*. Magsisimula ito sa araw na magtapos ang iyong saklaw sa pangangalagang pangkalusugan at mananatili nang hanggang 18 buwan (at mas mahaba sa ilang sitwasyon). Dapat mo ring malaman na sa ilalim ng *COBRA*, posibleng kailanganin mong bayaran ang buong premium para sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan at karagdagang 2% pang-administratibong fee.

Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA)

Pag-enroll sa ibang plan kapag lumipat ka ng trabaho. Kung available para sa iyo ang isa pang panggrupong saklaw pangkalusugan (ibig sabihin, ang grupong pantrabaho ng asawa), dapat ikonsidera ang espesyal na pagpapatala sa planong iyon nang hindi hinihintay ang bukas na panahon ng pagpapatala. Dapat mong hilinging magpatala sa loob ng 30 araw pagkatapos mawala ang pagiging kwalipikado mula sa huli mong negosyo. Sa ilalim ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga (Patient Protection and Affordable Care Act) mula Enero 1, 2014, hindi maaaring tanggihan ng mga panggrupong planong pangkalusugan at insurer na saklawin ang paggamot sa mga preexisting na kondisyon para sa sinumang indibidwal.

Batas sa Abot-kayang Pangangalaga: Puwede kang bumili ng indibidwal na saklaw ng insurance sa pamamagitan ng Marketplace ng Insurance sa Kalusugan. Nagbibigay-daan sa iyo ang Marketplace na makakita ng mga opsyon sa planong pangkalusugan na available sa iyong lugar. Posibleng kwalipikado ka para sa bagong uri ng credit sa buwis na makakatulong sa iyo sa gastusin mo sa saklaw. Kung kwalipikado kang piliin ang COBRA, ikumpara ang mga shop sa Marketplace bago ka magpasya.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act, ACA), bisitahin ang:

- Narito na ang Bukas na Pagpapatala! Kumilos bago ang Dis 15 para sa saklaw na magsisimula sa Ene 1 | HealthCare.govTingnan ang Iyong mga Opsyon Kung Mawalan Ka ng Insurance sa Kalusugan na Nakabase sa Trabaho |
- Mga Opsyon sa COBRA Coverage at Health Insurance Marketplace® | HealthCare.gov

Batas sa Seguridad ng Kita sa Pagreretiro ng Empleyado (Employee Retirement Income Security Act, ERISA) – hinihingi nito sa mga plano na bigyan ang mga kalahok ng impormasyon sa plano kabilang ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga feature ng plano at pagpopondo; nagtatakda ng mga minimum na pamantayan sa paglahok, vesting, pag-ipon ng benepisyo at pondo; pagbibigay ng mga ipinagkakatiwalang responsibilidad para sa mga taong namamahala at kumokontrol sa mga asset ng plano; hinihingi sa mga plano na magtatag ng proseso para sa mga hinaing at apela para makuha ng mga kalahok ang mga benepisyo mula sa kanilang mga plano; nagbibigay sa mga kalahok ng karapatang magdemanda para sa mga benepisyo at paglabag sa ipinagkatiwalang tungkulin; at, kung wakasan ang isang tiyak na

plano para sa benepisyo, ginagarantiyahan nito ang pagbabayad sa ilang partikular na benepisyo sa pamamagitan ng pederal na na-charter na korporasyon, na kilala bilang Pension Benefit Guaranty Corporation Home Page | Pension Benefit Guaranty Corporation (pbgc.gov).

KUNIN NA ANG IMPORMASYON

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng HIPAA, COBRA, ERISA o sa Batas sa Abot-kayang Pangangalaga, makipag-ugnayan sa: Employee Benefits Security Administration ng Kagawaran ng Paggawa, (866) 444-3272, Panrehiyong Tanggapan ng San Francisco sa (415) 625-2481

Hurisdiksyon: Alaska, Northern California, Idaho, Nevada, Oregon, Utah, at Washington.

Bisitahin ang website ng Employee Benefits Security Administration: EBSA | Kagawaran ng Paggawa ng U.S. (dol.gov) Para sa mga tanong tungkol sa iyong mga benepisyo, bisitahin ang: EBSA | Kagawaran ng Paggawa ng U.S. (dol.gov)